



NAETISL

National Association of
Educational Translators and
Interpreters of Spoken Languages



MODDC

Missouri
Developmental
Disabilities Council

Pag-unawa sa mga May- kaugnayang Serbisyo: Isang Gabay para sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling \$1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.



naetisl@gmail.com

NAETISL



Follow us



MODDC



moddc@moddcouncil.org



www.naetisl.org

www.moddcouncil.org





Pag-unawa sa mga May-kaugnayang Serbisyo: Isang Gabay para sa Magulang

Ano ang mga kaugnay na serbisyo?

Ang mga kaugnay na serbisyo ay mga serbisyong suporta na ibinibigay upang matulungan ang mga mag-aaral na may kapansanan. Ang mga espisipikong serbisyo ay kasama sa Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP) ng isang mag-aaral kung nagpasya ang koponan na kailangan ang mga ito ng mag-aaral.

Ano ang ilang mga halimbawa ng mga kaugnay na serbisyo?

Kasama sa mga karaniwang kaugnay na serbisyo ang:

- Therapy sa wika ng pagsasalita
- Therapy sa mga gawain
- Pisikal na therapy
- Transportasyon
- Mga serbisyong pang-counseling at sikolohikal
- Mga serbisyo sa pagsasalang pasalita
- Mga serbisyo ng tulong na teknolohiya
- Mga serbisyong medikal (layuning pang-diagnostic o pang-ebalwasyon)

Mga Serbisyo sa Pananalita at Wika

Tinutulungan ng therapy sa pananalitang wika ang mga mag-aaral sa:

- Artikulasyon (kung paano ginagawa ang mga tunog)
- Pag-develop ng wika (pag-unawa at paggamit ng wika)
- Mga isyu sa boses o pagiging matatas (tulad ng pag-utal)
- Mga gawi sa komunikasyong panghalubilo





Therapy sa Gawain (OT)

Sinusuportahan ng OT ang mga mag-aaral sa:

- Pinong kasanayan sa motor (hal., pagsusulat, paggupit)
- Pagpoproseso ng pandama
- Mga kasanayan sa pang-araw-araw na pamumuhay (hal., pagbibihis, paggamit ng mga kubyertos)
- Kalayaan sa kapaligiran ng paaralan

Pisikal na Therapy (PT)

Ang PT ay nakatuon sa:

- Kasanayan sa mga kasanayang hindi pino (hal., paglalakad, pagakyat ng hagdan)
- Pagkilos at balanse
- Paggamit ng mga tulong na aparato (hal., mga walker o wheelchair)
- Ligtas na pakikilahok sa mga aktibidad sa paaralan

Serbisyo sa Transportasyon

Tinitiyak ng mga serbisyong ito na ang isang bata ay maaaring maglakbay papunta at mula sa paaralan o isang kaugnay na programa.

Maaaring kabilang dito ang:

- Isang espesyal na bus o van
- Isang katulong o monitor ng bus
- Transportasyong hatid-sundo sa pinto
- Mga modipikasyon tulad ng mga wheelchair lift o harness

Pagpapayo at Serbisyong Sikolohikal

Kabilang dito ang:

- Pagpapayo sa paaralan o gawaing lipun





- Indibidwal o pangpangkat na therapy
- Mga plano sa interbensyon sa pag-uugali
- Sikolohikal na testing at suporta

Mga Serbisyo sa Pagsasaling-Wika na Pasalita (Interpreter)

Ang mga serbisyong ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na bingi o mahirap ang pandinig, o nakikipag-usap sa isang wika maliban sa Ingles sa pamamagitan ng:

- Mga interpreter ng sign language
- Mga transliterator ng pagsasalita (Ang pagsasalita ay isang uri ng sign language) Pasalitang pagsasalin
- Pag-access sa Komunikasyon sa Real Time (CART). (Ang
- CART ay isang serbisyong nagbibigay ng agarang transkripsyon ng sinasalitang wika sa nakasulat na teksto)

Teknolohiya Pantulong (AT)

Tinutulungan ng AT ang isang mag-aaral na ma-access ang kurikulum at makapagkomunika. Kasama sa mga halimbawa ang:

- Mga aparato sa komunikasyon
- Mga adaptibong keyboard o software
- Mga biswal na suporta
- Mga pasadyang tool o kagamitan

Mga Serbisyong Medikal at Kalusugan

Mga serbisyong medikal na kailangan ng isang mag-aaral upang makadalo sa paaralan at matuto, tulad ng:

- Pagbibigay ng gamot





- Pagsubaybay sa kalusugan (hal., para sa diyabetis o pangingsay (seizure)
- Mga pagsusuri ng isang kwalipikadong propesyonal na medikal (para sa pagpapalano ng IEP)

Sino ang nagpapasya kung aling mga kaugnay na serbisyo ang makukuha?

Sinusuri ng koponan ng IEP, na kasama ang mga magulang, ang mga pangangailangan ng bata at tinutukoy nito kung aling mga serbisyo ang kinakailangan upang suportahan ang kaniyang edukasyon. Ang mga serbisyong ito ay inililista at inilalarawan sa IEP.

Sino ang nagbibigay ng mga serbisyong ito?

Ang pagsasalita at wika, OT, PT, at mga serbisyong counseling at sikolohikal ay dapat ibigay ng mga kwalipikado at lisensyadong propesyonal.

May mga tanong pa?

Makipag-usap sa case manager ng iyong anak, sikolohista ng paaralan, o koponan ng IEP. Maaari ka ring humiling ng ebalwasyon, kung sa palagay mo ay kailangan ng iyong anak ng kaugnay na serbisyo.

Paano ako makakakuha ng tulong sa aking wika?

Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo din.

